



Panatilihin Baunin sa Puso ang Pasasalamat!

Sa isyung ito ng Mimitaro atin nakapanaym sa Gng Clevita Eldrida Mascarenhas mula (Omihachiman)



Unang dumating ako sa Japan mula sa estado ng Goa sa India 22 taon na ang nakalilipas. Sa aking bayan, maraming tao ang nagtatrabaho sa ibayong dagat, ngunit ang pagpili sa Japan bilang kanilang lugar ng pagtatrabahuan ay napakabihira. Nagpasya akong pumunta sa Japan sa dalawang kadahilanan.

Pinakauna ay ang naging impluwensiya ng pagbabasa ko ng libro tungkol kay Francis Xavier noong ako ay 10 taong gulang. Siya ay isang misyonaryong unang nagpalaganap ng Kristiyanismo bilang misyon sa Japan noong ika-16 na siglo, na nakabase sa Goa India. Ang kanyang libro ay naglalaman ng mga paglalarawan na pumupuri sa mga Hapones, at ito ang nagtulak sa akin na kilalanin mismo ang mga Hapones. Ang pangalawang dahilan ay dahil nagsasanay ako ng karate simula noong 9 na taong gulang ako, at nanalo pa ako ng medalyang pilak sa kategoriyang “kata” sa isang paligsahan sa India. Kaya naman pangarap kong makuha ang 1st Dan black belt/shodan sa Japan. Sa unibersidad, kumuha ako ng Pangunahing kurso sa Kimeka at nakakuha ng kasanayan sa IT programming. Maagang pumanaw ang aking ama, kaya pagkatapos kong makapagtapos sa unibersidad, nagpasya akong magtatrabaho sa Japan, isang bansang matagal ko nang hinahangaan at para suportahan din ang aking pamilya.

Noong 2005, habang nagtatrabaho para sa isang Kumpanya ng IT sa Osaka, ipinadala ako bilang pansamantalang empleyado sa Korporasyon ng Hiyoshi, isang kumpanyang nakabase sa Omihachiman na namamahala sa pangangalaga ng kapaligiran at sa pasilidad sa Omihachiman. Ito ang nagtulak sa akin na lumipat sa Shiga. Matapos magtatrabaho sa Departamento ng Pagsusuri at Pag-aanalisa sa Hiyoshi sa loob ng 5 taon, bumalik ako sa India upang magpakasal at manganak. Nang mag 5 taon gulang na ang aking anak, inanyayahan akong bumalik sa Hiyoshi. Sa kasalukuyan, nagtatrabaho ako sa Dibisyon ng Negosyo para sa ibayong dagat, pinangangasiwaan ko ang tungkulin sa pagsasalin, at sa interpretasyon.

Bumalik ako sa Japan kasama ang aking pamilya, ngunit inilipat ang aking asawa sa ibang prepektura para sa trabaho, kaya't naiwan akong mag-isa kasama ang aming anak sa loob ng halos 6 na taon. Ang pagpapalaki ng anak nang mag-isa habang nagtatrabaho ay tunay na mahirap. Pagkatapos kong magtatrabaho, mabilis kong pinapadyak ang aking bisikleta para sunduin ang aking anak mula sa programa pagkatapos ng klase. Sa bahay, kailangan kong gampanan ang papel ng parehong ina at ama. Sa pagtambak ng lahat ng mga suliranin, dilaw na alikabok, COVID-19, kakulangan ng oras at kalayaan para makapag-iisip, ang anak kong lalaki, na paminsan-minsan sinusumpong ng hika, ay bigla nalang lumala at kinakailangang isugod kaagad sa ospital. Dahil unang beses ko itong naranasan, naguluhan at di ko na alam

kung ano ang gagawin ko, tinulungan kami ng mga taong nakapaligid sa amin. At pagkatapos nun, maraming beses pang nangyaring tumawag kami ng ambulansiya at naospital ang anak ko, sa bawat pangyayaring iyon, maraming tao ang nandiyan para damayan kami. Lubos akong nagpapasalamat sa mga taong patuloy na ipinaramdam sa anak ko ang kanilang pag aalala, sa pangulo ng Hiyoshi, sa mga guro sa paaralan at sa programa pagkatapos ng klase ng anak ko. Malaking bagay ang kanilang suporta sa amin ng anak ko. Bukod pa rito, matapos makalabas sa ospital, dumaan din ang anak ko sa mga panahon kung saan nahirapan siyang pumasok sa paaralan dahil sa matagal nang mga problema sa kalusugan. Ang nakatulong sa kanya upang malampasan ito ay ang araw-araw na suporta ng mga kaibigang sumusundo sa kanya. Malaking pasalamat din sa paghihikayat ng mga boluntaryong guro sa World Amigo Club, dahil sa kanila nagawang maipagpatuloy ng anak ko ang kanyang pag-aaral.

Dito sa Japan, nagkaroon ako ng kamangha-manghang tagpo sa mga Hapones, tulad ng naisulat ni Xavier tungkol noon. Maraming salamat sa mga taong may ginintuang puso, ngayon malusog na ang anak ko, nasa ika-2 taon na siya sa junyor hayskul, napapalibutan ng mga mabubuting kaibigan at napamahala na sa kanya ang Omihachiman. Kailangan pang pag ibayuhin ng anak ko ang kanyang pag aaral, pero hangga't buhay ang anak ko at may mga mabubuting kaibigan, malaking biyaya na iyon. Inaasam ko na sana siya ay maging isang taong makakapag ambag sa lipunan at masuklian niya sana ang mga kabutihan iyon balang araw.

Nasanay at panatag na ako dito, halos lahat ng mga kaibigan ko ngayon ay mga hapones. Noong una akong dumating sa Japan, hindi ako makapagsalita ng kahit na isang salita ng wikang hapon, ngunit unti-unti ko itong natutunan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga tao. Inaasahang parami nang parami na ang mga dayuhang maninirahan sa Japan, at sa tingin ko makakapamuhay lamang ang mga tao sa pamamagitan ng pakikipag ugnayan sa kapwa. Upang makapamuhay ng may pagkakaisa ang lahat, dapat palalimin pa ng mga dayuhan ang kanilang pakikipag-ugnayan sa lipunang hapon at sa ganitong paraan lamang nila mauunawaan ang lipunang hapon, at sa ganitong paraan din lamang sila mauunawaan ng lipunang hapon. Halimbawa, kahit sino ay maaaring magturo ng kultura o wika ng kanilang sariling bansa, magiging daan ito ng magandang pagkakataon upang makipag-ugnayan! Pinalalalim ko rin ang aking relasyon sa mga tao sa pamamagitan ng pagtuturo ng pagkaing Indian at yoga sa paaralan at sa trabaho.

Sana'y palagi kong maaalalang mapasasalamatan ang mga taong pinagkakautangan ko ng utang na loob sa mga suportang aking natanggap sa lahat ng mga taong nakapaligid sa akin at maabot ko rin sana ang mga taong nangangailangan. Dahil ako mismo naranasan ko ang mga hamon sa pagpapalaki ng anak nang mag-isa, lubos kong nadarama na ang mga solong ina ay nangangailangan ng mas malaking suporta. Ang pagsisikap na maibigay ang suportang iyon ay ang susunod kong malaking pinapangarap ngayon.

Mga Patakaran Pang-trapiko para Mapanatiling Ligtas at Matiwasay na Pamumuhay?

Kapag nagbibisikleta

Ang mga bisikleta ay kilalang ekolohikal/pangkalikasan/hindi nakakasama sa kapaligiran na mga paraan ng transportasyon na ginagamit ng pangkaramihang tao sa lahat ng edad, mula bata hanggang sa mga matatanda. Ang mga bisikleta ay inuuri bilang mga magagaan na sasakyan sa ilalim ng Batas Trapiko sa mga Lansangan/ Road Traffic Act at itinuturing na “Mga sasakyan.” Kapag naglalakbay sa mga kalsada, ang mga seklista ay kailangan sundin ang mga tuntunin na magmaneho sa kaliwang bahagi ng kalsada, at kapag dumadaan sa mga bangketa, at ang may karapatan sa daan ay ang mga naglalakad/pedestriyan. Sundin ang mga patakaran sa trapiko at sikapang magmaneho nang ligtas.



☆ Simula Abril 1, 2026, ipapatupad na ang “Sistemang Blue Ticket” (Sistemang-abiso na ipapataw sa Paglabag sa Batas-Trapiko/ *Traffic Violation Notice System*) para sa mga bisikleta. Kapag may nakitaan na paglabag sa trapiko sa pagbibisikleta ang mga pulis, karaniwan sila ay magbibigay ng gabay at babala. Gayunpaman, kung ang paglabag ay isang malisyoso o mapanganib na magdudulot ng aksidente sa trapiko, isasagawa ang mga hakbang sa pagpapatupad ng batas.

(※ Ang hakbangin sa pagpapatupad ay para doon sa mga drayber na may edad 16 pataas. Para sa mga wala pang 16, ang gabay at mga babala ay ibibigay bilang pangkalahatang tuntunin.)

Halimbawa... ang pagmamaneho habang nakapayong o pagsakay na may angkas ay mga paglabag at may ipapataw na multa. Para sa mga karagdagang impormasyon: Pambansang Ahensiya ng Pulisiya “*Kaligtasan sa Trapiko sa Pagbibisikleta*.”

<https://www.npa.go.jp/bureau/traffic/bicycle/portal/system.html>



Upang mabawasan ang tindi ng mga pinsalang dulot ng mga aksidente sa trapiko, napakahalagang protektahan ninyo ang inyong ulo. Kaya siguraduhing palaging magsuot ng helmet. (mula Abril 1, 2023, ang pagsusuot ng helmet ay naging isang obligasyon para sa lahat ng gumagamit ng bisikleta).

※ Sa Prepektura ng Shiga, mandatoryong ipinapatupad ang pagpasok sa seguro/insurance sa bisikleta. Siguraduhing pumisan sa Seguro sa Pananagutan sa Bisikleta /*Jitensha Songai Baisho* upang masakop ang pananagutang pinsala sa iba sakaling magkaroon ng aksidente na kinasasangkutan ng inyong bisikleta.

Kapag nagmamaneho ng sasakyan (kasama pati kotse o motorsiklo)

☆ Lisensya sa Pagmamaneho (*Unten Menkyo*)

Noong Oktubre 1, 2025 nagbago ang mga patakaran sa lisensya sa pagmamaneho para sa mga dayuhang mamamayan.

1. Para mailipat ang dayuhang lisensya sa pagmamaneho tungo sa hapon na lisensya, anuman ang nasyonalidad ng aplikante, karaniwang kinakailangan ang sertipiko ng rehistrasyon bilang residente (*juminhyo*) kapag nag-aaplay para sa paglipat ng lisensya sa pagmamaneho.
2. Para mag-renew ng iyong lisensya sa pagmamaneho, kailangan mong ipakita ang inyong kasalukuyang lisensiya at isa sa mga sumusunod: Residence Card, Special Permanent Resident Certificate, Residence Certificate.

Para sa mga karagdagang impormasyon, bisitahin ang Websayt ng Kagawaran ng Pulisiya sa Prepektura ng Shiga ↓

(*Gaikoku Menkyo no Kirikae*)

Pagpapalit ng mga Dayuhang-Lisensya sa Pagmamaneho



<https://www.pref.shiga.lg.jp/police/menkyo/kokugai/301012.html>

(*Menkyo Koshin*)

Pagrenew ng Lisensiya sa Pagmamaneho



<https://www.pref.shiga.lg.jp/police/menkyo/koshin/104520.html#22>

☆ Seguro sa Sasakyan/ *Jidosha Hoken*

Ang seguro sa sasakyan ay binubuo ng 2 uri: Sapilitan o kompulsaryong Seguro “Compulsory Automobile Liability Insurance (CALI/ Mutual Insurance/damayan na seguro (*Jibaiseki hoken/Kyosai*) at “Boluntaryong Seguro/ Mutual Insurance/damayan na seguro(*Nin-i hoken/Kyosai*)”.

Ang CALI/ Mutual Insurance (*Jibaiseki hoken/ Kyosai*): Ang lahat ng mga sasakyang de-motor, kabilang ang mga kotse at motorsiklo (tulad ng mga de-kuryenteng iskuter at ang mga magaan at mabagal na de-motor na besiklita/ mopeds), ay dapat nakapisan sa “CALI/ Sapilitan o Kompulsaryong Seguro sa Pananagutan ng Sasakyan. Ang segurong ito ay isang mandatoryong seguro na sumasaklaw sa kabayaran para sa mga aksidente sa personal na pinsala. Ang pagmamaneho nang walang ganitong seguro ay may mga pataw na parusa. Ang “Boluntaryong Seguro/ Damayan na Seguro (*Nin-i hoken / Kyosai*): Hindi sakop ng CALI ang mga aksidente sa pinsala sa ari-arian, kaya mayroong boluntaryong seguro upang mabayaran ito. Hindi sapilitan ang pagpisan dito.

Tungkol sa Seguro sa Pananagutan ng Sasakyan at Damayan na Seguro (Mutual Aid/ *Kyosai Seido*)

<https://www.mlit.go.jp/jidosha/jibaiseki/en/about/overview/index.html>



☆ **Buwis sa Sasakyan/Jidosha-zei**

Ang buwis sa sasakyan para sa buong taon ay ipinapataw doon sa may ari ng sasakyan simula Abril 1. Kung ililipat mo ang pagmamay-ari ng iyong sasakyan sa ibang tao o ititigil ang paggamit nito, mangyaring kumpletuhin ang mga pamamaraan para sa paglilipat ng rehistro (*meigi henkou*) o pag-alis ng rehistro ng sasakyan (*haisha no toroku*).

☆ **Pagparehistro ng Sasakyan/ Jidosha no Toroku**

Maaaring isagawa ang mga pamamaraan sa pagpaparehistro ng sasakyan sa mga panrehiyong tanggapan ng transportasyon o mga tanggapan ng inspeksyon at pagpaparehistro ng sasakyan.

Kapag bumili ng bagong kotse. • • • • • Bagong Pagpaparehistro (*Shinki-toroku*)

Kapag may pagbabago sa pangalan o address ng may-ari o gumagamit ng sasakyang de-motor • • • Pagbabago ng Pagpaparehistro (*Henko-toroku*)

Kapag nagbago ng may-ari (paglilipat ng pangalan/ *Meigi-henko*) • • • Pagpaparehistro ng Pagbabago (*Iten-toroku*)

Kapag nagbubuwag/paghiwa-hiwalayin ang mga parte ng sasakyan, kapag nagluluwas ng sasakyan/export • • • Pagpaparehistro ng pagkansela (*Massho-toroku*)

Ang mga pamamaraan sa pagpaparehistro ng motorsiklo ay nag-iiba depende sa kapasidad ng makina.

Sa mga de-motor na bisikleta (50-125cc) • • • • Munisipyo kung saan nakarehistro ang bagong may ari bilang residente

Mga magaan, katamtamang laki at malalaking motorsiklo (126cc pataas) • • • • Sa Kawanihan ng Transportasyon na may hurisdiksyon sa bagong address ng may-ari

Kawanihan ng Transportasyon sa Shiga (*Shiga Unyushikyoku*): 2298-5 Konohama-cho, Moriyama-Shi

☆ **Sertipiko ng Garahe (Aplikasyon para sa Sertipiko ng Lokasyon ng Imbakan) (Shako-shomei) (Hokan-basho Shomei-shinsei)**

Kinakailangan ang aplikasyon para sa sertipiko ng lokasyon ng imbakan ng sasakyan (*Jidosha Hokan Basho Shomei Shinsei*) sa mga sumusunod na kaso.

Kapag bumibili ng bagong kotse • • • • • Bagong pagpaparehistro (*Shinki -toroku*)

Kapag bumibili ng segunda-manong kotse • • • • • Pagpaparehistro ng paglipat ng address (*Iten -toroku*)

Kapag nagbago ang iyong address dahil sa paglipat, atbp • • • • • Baguhin ang pagpaparehistro (*Henko- toroku*)

Mangyaring mag-aplay sa istasyon ng pulisya na may hurisdiksyon sa lokasyon ng pasilidad ng imbakan (*Hokan-basho*)

Tungkol sa Abiso ng mga lokasyon ng imbakan para sa mga Magagaan na Kotse (*Kei-Jidosha*) at iba pang sasakyan.

sa Prepektura ng Shiga, ang Lungsod ng Otsu (hindi kasama ang dating Shiga-cho), Kusatsu, at Hikone ay itinalagang mga lugar na nangangailangan ng abiso sa lokasyon ng imbakan. Samakatuwid, kapag nagmamay-ari ng magaan na sasakyan, kinakailangan ang abiso sa lokasyon ng imbakan.

Kailangan mong maghain ng abiso sa mga sumusunod na sitwasyon.

- Kapag nakatira ka sa naaangkop na lugar at may bagong (binili o tumanggap) ng isang magaan na sasakyang de-motor
- Kapag lumipat sa naaangkop na lugar galing sa ibang munisipalidad at tumanggap ng isang magaan na sasakyang de-motor

Kung ikaw ay nasangkot sa isang aksidente sa trapiko (Kotsu Jiko)

Kung ikaw ang naging dahilan ng aksidente...

- Agad na huminto sa pagmamaneho at huminto sa isang ligtas na lugar
- Kung ang ibang tao ay nasugatan tumawag ng ambulansya (*kyukyusha*) (119).
- Sunod, tawagan ang pulis (*keisatsu*) (110) para iulat ang pangyayari (*tsuho*).
- Maghintay hanggang sa dumating ang mga pulis, pagkatapos ay iulat ang mga pangyayari sa aksidente at sundin ang mga tagubilin ng pulisya.

※ Sa pamamagitan ng paghahain ng ulat sa pulisya, maaari kang mag-aplay para sa Sertipiko sa Aksidente sa Trapiko (*Kotsujiko Shomeisho*). Ang sertipikong ito ay kinakailangan para sa mga pamamaraan upang makatanggap ng iba't ibang uri ng suporta pagkatapos ng isang aksidente, kaya kung ikaw ay nasangkot sa isang aksidente, siguraduhing iulat ito sa pulisya. Gayundin, kung ikaw ay nasangkot sa isang aksidente, kahit na hindi mo nararamdaman ang pinsala o sa tingin mo ay maliit lamang ang pinsala, maaaring lumitaw ang mga sintomas sa ibang pagkakataon, kaya siguraduhing magpasuri sa doktor.

※ Maaaring makakuha ng “Sertipiko sa Aksidente sa Trapiko (*Kotsu Jiko Shomeisho*)” sa pamamagitan ng pag-aplay sa Sentro ng Kaligtasan sa Pagmamaneho ng Sasakyan sa Japan (*Jidosha Anzen Unten Center*) Tel: 077-585-3456
2294 Konohama-cho Moryama-shi (Sa loob ng Sentro ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Punong-himpilan ng Pulisya sa Prepektura ng Shiga (*Shiga -ken Keisatsu Honbu Unten Menkyo Center*))



Impormasyon sa Mimitaro

Manigong Bagong Taon! Isang maligayang pagbati para sa Taong 2026!

Taon ng mga Kabayo Mimitaro



☆ *Ang Taon ng Kabayo ay itinuturing na taon kung kailan tumataas ang enerhiya at sigla. Bakit hindi sumubok ng panibago?*

◆ Biwako Valley

Bukas ang mga dalisdis ng ski, halika't magsaya sa mga kaganapan sa taglamig na panahon!
1547-1 Kido Otsu-shi

◆ Eksibisyon ng mga Bonsai sa Nagahama

Makikita sa buong eksibisyon ang mga nakadispleng 90 halamang nakapaso (bonsai) ng punong sirwelas (plum)
Panahon: Enero 10 (Sabado) ~Marso 10 (Martes)
Lugar: Keiunkan 2-5 Minato-cho Nagahama-shi

◆ Setsubun-sai (Piyesta) Pebrero 3 (Martes)

Iba't ibang dambana ang nagsasagawa ng *Yakubarai* isang seremonya para sa pagtaboy sa kamalasan.
Taga Taisha /Dambana 604 Taga, Taga-cho
Minakuchi Jinja/Templo 3-14 Miyanomae Minakuchi-cho Koka-shi
Zensui-ji /Templo 3518 Iwane Konan-shi

◆ 「Hina Matsuri sa Hino」

Makasaysayang paglalakbay sa Panahon at Bayan
Pagpapakita/display ng mga Hina na manika sa mga kalye ng buong Hino
Panahon: Unang bahagi ng Pebrero at Marso
Lugar: Mula sa Hino-cho Okubo papuntang Murai at Nishioji



◆ Biwako Marathon 2026

Marso 8, (Linggo) Umpisa 8:20am
Magsisimula/ Istadyum Pang-atletika ng Ojiyama (Lungsod ng Otsu)
Magtatapos/ Tangway ng Karasuma (Karasuma Hanto) (Lungsod ng Kusatsu)

◆ Sakura Matsuri (Pamumulaklak ng Cherry)

Ang pinakamagandang panahon na makita ito ay mula sa huling bahagi ng Marso hanggang unang bahagi ng Abril.
Miidera 246 Onjoji-cho, Otsu -shi
Hikone Castle 1-1 Konki-cho, Hikone-shi
Hoko-en (parke) Koen-cho, Nagahama-shi
Nango Suisan Center 44-1 Kurozu 4-chome, Otsu-shi

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Abril



Balita sa Mimitaro



◆ Abiso para sa Libreng Konsultasyon at Pagsusuri para sa AIDS at STI

- Maaaring magpasuri nang hindi nagpapakilala.
- Maari din magpasuri para sa Syphilis, Hepatitis B at C.
- Lugar: Mga Sentro ng Pang-kalusugan (Lungsod ng Otsu, Kusatsu, Koga, Higashiomi, Hikone, Nagahama, Takashima)
- Araw • Oras: Pakitsek ang websayt gamit ang QR code.
- Kailangan ng reserbasyon sa telepono

[Info] Mga Sentro ng Pangkalusugan sa loob ng Prepektura (Wikang Hapon lamang) Kung kailangan ng Interpreter,

Tumawag lamang sa *Shiga*

Gaikokujin Sodan Center.

TEL: 077-523-5646

<https://www.pref.shiga.lg.jp>

[/ippan/kenkouiryohukushi](https://ippan/kenkouiryohukushi)

[/yakuzi/15267.html](https://yakuzi/15267.html)



◆ Serbisyong pagbahagi ng email mula sa Ahensiya ng Imigrasyon

Ang ahensiya ng serbisyong pang-imigrasyon ay nagbabahagi ng mga kapaki-pakinabang na mga impormasyong may kinalaman sa imigrasyon, gaya ng mga pamamaraan sa paninirahan at gabay sa mga sistema, doon sa mga nakarehistro ng mga email address. Kung irerehistro ang petsa ng pagtatapos ng inyong pahintulot sa pananatili/ *Zairyu Kigen* makakatanggap kayo ng email na abiso ilang araw bago ang petsa ng pagtatapos ng inyong pahintulot sa pananatili.



<https://www.moj.go.jp/isa/publications/publications/mail-service.html>

◆ Panahon para maghain ng mga panghuling pagbabalik ng buwis/*Kakutei Shinkoku*: Pebrero 16 (Lunes) hanggang Marso 16 (Lunes)

Kung may mga pagwawasto sa mga bawasin/deductions, tulad ng mga binayaranang malalaking gastusing medikal o sa pagkuha ng bahay, o kung ikaw ay may kita sa sariling negosyo o kung may iba pang pinagkakakitaan, maghain ng panghuling pagbabalik ng buwis/ *final tax returns* sa tanggapan ng buwis. Maari din maghain sa pamamagitan ng e-tax (elektronikong paghahain/*electronic filing*).

Pagtatama at Paumahin,

Nagkaroon po ng mali doon sa numero ng tawag para sa emerhensiya na nakasulat sa pahina 3 ng Mimitaro Blg. 157, Iwawasto po ito.

Mali #110: Pulis → Tama: 110 (hindi kailangan ng #)

Mali #119: Kagawaran ng Bumbero → Tama: 119 (hindi kailangan ng #)



Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization) may nakahandang suporta para sa iba't ibang wika mayron din para sa legal na konsultasyon

Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601

email : mimitaro@s-i-a.or.jp